Working Groups

Organizing and Education

Organizing assemblies, discussions and meetings on issues as defined in the People's Agenda; coordination of organizing efforts in key cities and regions nationwide; reaching out to and cooperation with various groups and communities

Getting the Message Across

Promotion of the movement in creative ways; articulation of the People's Agenda in various cultural and artistic forms; campaigning through various media (video, internet, music, theater, etc.); assisting other working groups in activities that require promotional materials and artistic expertise

Research

Catalogue of corruption; investigative work on specific plunder issues; compilation of materials on corruption and plunder cases; study on corruption and the economy

Role in the 2010 Elections

Issue a People's Criteria for candidates; popularization of the People's Agenda towards and during the elections; publication of voters' education materials; holding of public fora and debates on the Presidential candidates; cooperation with international solidarity partners and other concerned groups on the conduct and outcome of the 2010 elections; launching of a campaign for a fair, honest and free elections

Anu-ano ang mga layunin at mga tungkulin ng ating kilusan?

- Tumayong "People's Watchdog" na magsusulong ng tunay na reporma sa gobyerno at sa ating bayan.
- Buuin ang isang "People's Agenda for Change" at ipalaganap ito.
- Suportahan at magpa-unlad ng mga tunay na pinuno ng mamamayan, mga pinunong yumayakap sa pagbabago ng sistemang pulitikal at pangkultura na makabayan at makamamayan. Kaugnay nito, magbalangkas at magpalaganap ng "People's Criteria" para sa mga kandidatong maaaring suportahan ng kilusan sa eleksyon.
- Itaguyod at suportahan ang mga kampanya't pakikibaka kaugnay ng mga isyu ng mamamayan na nakapaloob sa ating " People's Agenda for Change."
- Maging bahagi sa pagpapalawak at pagpapalakas ng pagtutol at paglaban sa ano mang pakana para makapanatili ang administrasyong Macapagal-Arroyo sa poder sa anyo man ito ng pagbabago ng Konstitusyon (Charter Change), pagdeklara ng batas militar, o iba pang paraan.
- Ilantad at labanan ang sistematiko at malawakang pandaraya sa eleksyon at ang paggamit ng puwersang militar ng pamahalaan para takutin ang mga botante at ang publiko. Kikilos tayo para sa malinis, makatarugan at malayang eleksyon.

Ano ang Pagbabago?
People's Movement for Change!

- Mahal natin ang ating bayan. Nais natin ng pagbabago.
- Nais nating mabigyang wakas ang administrasyong Macapagal-Arroyo na kilala sa katiwalian, pandaraya, at paglabag sa karapatan ng mamamayan. Nais natin ng hustisya para sa: pandarambong; "extrajudicial killings" at disappearances; pagbenta ng ating soberaniya; at ang pag-abuso sa kapangyarihan na halos mahigitan na ang rekord ng diktadurang Marcos.
- Ngunit higit pa rito ang pagbabago na ating nais. Nais natin na hindi lamang mapalitan ang administrasyong Macapagal- Arroyo ngunit magkaroon ng pagbabago para sa ating bayan. Nais natin ng pagbabago ng kasalukuyang sistemang kinakikitaan ng malawakang kahirapan, kawalan ng hustisya, ng pulitika ng pangungurakot, at kultura ng pagkamakasarili.

Pagbabago!
PEOPLE'S MOVEMENT FOR CHANGE

Pagbabago!
PEOPLE'S MOVEMENT FOR CHANGE

Mahal namin ang bayan!
Nais namin ng pagbabago!

www.pagbabago.org

M4C CD brochure V02.indd 1 10/13/09 9:14 AM

Sinu-sino tayo sa Pagbabago?

- Tayo ay mga indibidwal at mga grupo na nagbigkis sa iisang kilusan para sa makahulugang pagbabago: ang pagbabagong hindi lamang nakatuon sa mga isyu, at sa halip, ay pagbabagong nagdadala ng komprehensibong programa sa reporma.
- Tinutugunan ng ating kilusan ang mga ugat ng mga problema ng ating bayan. Dala-dala natin ang malalim na pagmamahal para sa bayan at sa ating kapwa, lalo na yaong walang boses at pinakamahihirap sa atin.
- Ang ating pagmamahal sa bayan ay nangangahulugan ng paggigiit ng tunay na pambansang kalayaan, at ng ating dignidad bilang mga Filipino.
- Nagbigkis tayo sa ating kilusan para sa pagbabago lalo na para sa pagtitiyak na ang susunod na henerasyon ng mga Filipino ay makapamuhay sa isang Pilipinas na tunay na malaya at may pagmamalasakit sa bayan at mamamayan.

Sa kasalukuyan, paano natin isasabuhay ang pagmamahal sa bayan at sa kapwa?

Para sa Pagbabago! ang pagmamahal sa bayan sa kasalukuyang panahon ay maipamamalas sa pagtataguyod sa mga sumusunod na adhikain ng ating kilusan. Ito ang ating labing-isang (11) puntong "People's Agenda for Change" o Adyenda ng Mamamayan para sa Pagbabago:

1. Labanan ang korupsiyon at pandaraya sa eleksyon kabilang na ang pagbili ng boto; at kumilos para sa transparency sa pamahalaan at pagiging accountable ng mga opisyal ng pamahalaan.

2. Igiit ang mabuting pamamalakad sa pamahalaan; pagtataguyod sa pang-ekonomiyang kagalingan ng mamamayan; probisyon ng kailangang mga serbisyong panlipunan; makatarungan at mapagpasyang paglutas sa problema sa utang ng ating bansa; responsableng pangangalaga sa kabang yaman at rekursong pampubliko; pamumuno batay sa halimbawa; epektibong mga hakbang para sa kapayapaan at kagalingan na walang pang-aabuso ng militar at pulis.

3. Makibaka para sa tunay na reporma sa lupa; kumilos para sa seguridad sa pagkain; modernisasyon ng agrikultura; at kaunlaran sa kanayunan.

4. Kumilos para sa paglikha ng trabaho, pagpapaunlad at pagbibigay ng proteksyon sa mga lokal na industriya nang sa gayon ay: makalikha ng trabaho; maiangat ang kabuhayan ng mamamayan; makalikha ng mga produkto para sa lokal na pangkonsumo, at makasulong tungo sa ekonomiyang umaasa sa sarili at maunlad sa lahat ng aspekto nito.

5. Ipaglaban, ipagtanggol, at itaguyod ang mga saligang karapatang pantao; labanan ang sistematiko at malawakang paglabag sa mga karapatang pantao; litisin at parusahan ang mga lumalabag sa karapatang pantao

6. Kumilos para sa makatarungan at matagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagtugon sa ugat ng mga armadong labanan at manawagan sa lahat ng mga partido sa giyera na ipagpatuloy ang mga negosasyong pangkapayapaan.

7. Isulong ang pakikibaka para sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan sa lahat ng larangan at suportahan ang mga pagsusumikap na wakasan ang karahasan laban sa kababaihan.

8. Isulong ang kulturang mapagmahal sa bayan, nagtataguyod sa kapakanan ng nakararami, at nagbibigay diin sa paglilingkod sa sambayanan.

9. Labanan ang walang tigil na pagsamantala sa likas na yaman ng ating bansa; kumilos para pangalagaan ang ating kapaligiran, at itaguyod ang kaunlarang nangangalaga sa ating pambansang patrimoniya.

10. Ipagtanggol ang pambansang soberaniya at ang integridad ng ating teritoryo laban sa dayuhang panghihimasok; itaguyod ang mapagkaibigang relasyon sa ibang mga bansa batay sa mga prinsipyo ng mutwal na kapakinabangan, mutwal na di pananalakay, at walang pakikialam sa mga internal na mga usapin ng bansa.

11. Itaguyod ang mga demokratikong karapatan at mga lehitimong pakikibaka para sa identidad at pansariling determinasyon ng mamamayang Moro at lahat ng mga katutubo.

Pagbabago!
PEOPLE'S MOVEMENT FOR CHANGE

Pagbabago! Coordinating Committee

The People's Movement for Change held its preparatory meeting in March 25, 2009 in St. Scholastica's College. It was initially launched in May 6 with a media forum on its campaign to release Engr. Jun Lozada. It was not until May 26, 2009 that the People's Movement for Change adopted the name Pagbabago! and held its Founding Assembly.

Mother Mary John Mananzan, OSB
Co-Chairperson

Prof. Judy Taguiwalo, Ph.D.
Co-Chairperson

Spokespersons
Ms. Bibeth Orteza
Dean Roland Tolentino
Fr. Joe Dizon

Mrs. Edith Burgos
Engr. Jun Lozada
Ms. Marie Hilao-Enriquez
Ms. Maita Gomez
Mr. Sonny Africa
Dr. Carol Araullo
Mr. Rey Casambre
Dr. Leni Jara
Dr. Ramon Paterno
Mr. Alvin Peters
Mr. Nardy Sabino

Makipag-ugnayan sa Secretariat ng Pagbabago! Email: pagbabago.movement@gmail.com | Mobile # 09053150244

M&C CD brochure V02.indd 2 10/13/09 9:14 AM